Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

-127-

Dictado at sinabing ang nabanggit na halaga ay di babayaran ng Ingat-Yaman kung walang pagtitibay ng "Prov'l Auditor". Matapos pa ang maikling pagtatalakayan ay pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG.LVIII-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

APPROVED:
RESOLUTION No. 116 - '89
PROVINCIAL BOARD
Marso 1 , 19 89

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LABINDALAWANG LIBO WALONG DAAN AT PITUMPU'T WALONG DAANG PISO (₱12,878.00) upang iukol sa "Terminal Leave" ni G. Melchor P. Zamora, Sr., dating ABC President.

Ang Kautusang bayang ito ay magkakabisa lamang kung may kaukulang pagtitibay ng "Provincial Auditor", at kumg may sapat ng salapi ang kabang bayan upang matugunan ang palaan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Pansamantala namang ipinagpaliban ang pagtatalakay sa panukalang pagtatayo ng isang "waiting shed" sa harapan ng Liwasang Bayan sa dahilang sang-ayon kay Kag. Gironella ay di-pa natatapos ng Tanggapan ng Pambayang Inhiniyero ang hinihiling na "perspective plan" ng proyekto.

Tinalakay din ng kapulungan ang kahilingan ni Gng. Dolores Tatlonghari na mailipat-gamit ang isang bahagi ng lupang karatig ng Pambansang lansangan mula sa Industriyal ay maging agro-industriyal. Isinulit din niya ang hinihiling ng kapulungan na pagtitibay mula sa mga naninirahan sa Ormon Village, karatig na pamahayan ng lupain, na nagtitibay ng di nila pagtutol sa paglalagay ni Gng. Tatlonghari ng isang maliit na manukan sa nabanggit na lupain. Sapagka't ang nilagdaang pagtitibay ng naninirahan sa pamahayan ay nagsasaad lamang ng pagsang-ayon sa isang maliit na manukan ay hiniling ni Kag. Perez kay Gng. Tatlonghari na magjarap siya sa kapulungan ng kaukulang papeles mula sa kanyang inuutangang bangko na nagsasaad ng panukalang bilang ng aalagaang manok sa lupaing nabanggit upang malaman kung gaano ang magiging katamtamang dami ng aalagaan ayon sa pagsang-yon ng mga taga-Ormon Village. Ang mungkahi ay sinang-ayunan ng kapulungan.

Dumako ang kapulungan sa susunod na paksang nakatakdang talakayin na tumutungkol sa kahilingan ng ka-

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad